3. Paano makakakuha ng pangangalaga

Mga referral

Ang iyong Pangunahing Provider ng Pangangalaga (PCP) o isa pang espesyalista ay magbibigay sa iyo ng referral upang bisitahin ang isang espesyalista sa loob ng takdang panahon na nakalista sa seksyong “Napapanahong access sa pangangalaga” ng handbook na ito, kung kailangan mo ng isa. Ang espesyalista ay isang doktor na may dagdag na edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong PCP upang pumili ng isang espesyalista. Matutulungan ka ng opisina ng iyong PCP na mag-set up ng oras para pumunta sa espesyalista.

Kasama sa iba pang mga serbisyo na maaaring mangailangan ng referral ang mga procedure sa opisina, X-ray, at pagsusuri sa laboratoryo.

Maaaring bigyan ka ng iyong PCP ng form na dadalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala ito pabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga't sa tingin nila ay kailangan mo ng paggamot.

Kung mayroon kang problema sa kalusugan na kailangan ang espesyal na pangangalagang medikal nang mahabang panahon, maaaring kailanganin mo ang standing referral. Ibig sabihin nito maaari kang bumalik sa parehong espesyalista nang mahigit sa isang beses nang hindi na ulit kukuha ng referral.

Kung nahihirapan kang makakuha ng standing referral o gusto mo ng kopya ng patakaran sa referral ng Anthem, tawagan ang aming Center para sa Serbisyo sa Customer Lunes hanggang Biyernes mula 7 a.m. hanggang 7 p.m. nang walang bayad sa **800-407-4627 (TTY 711)** o **888-285-7801 (TTY 711)** para sa mga miyembro sa Los Angeles.

Hindi mo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pagbisita sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagbisita para sa agaran o pang-emergency na pangangalaga
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya (para malaman pa, tumawag sa Tanggapan ng Impormasyon sa Pagpaplano ng Pamilya at Serbisyo sa Referral sa **800-942-1054**)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (12 taon o mas matanda)
- Mga serbisyo sa impeksyong nailipat sa pakikipagtalik (12 taon o mas matanda)
- Mga serbisyo ng chiropractic (maaaring kailanganin ng referral kapag ibinigay ng mga

Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC), Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC), at mga Pang-indibiduwal na Plano ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP) na wala sa network

- Inisyal na pag-assess sa kalusugan ng pag-iisip

Ang mga menor de edad ay maaari ring makakuha ng ilang partikular na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient, mga sensitibong serbisyo, at mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak nang walang pahintulot ng magulang. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyo na kailangan ng pahintulot ng menor de edad” at “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak” sa handbook na ito.

Mga Referral ayon sa Batas ng California para Mas Madaling Makakuha ng Mga Serbisyo ang May Masalimuot na Kanser

Ang mabisang paggamot sa mga kumplikadong kanser ay nakadepende sa maraming dahilan, kabilang ang pagkuha ng tamang diyagnosis at pagkuha ng napapanahong paggamot mula sa mga eksperto sa kanser.

Kung ikaw ay na-diagnose na may kumplikadong kanser,ang bagong Batas ng California para Mas Madaling Makakuha ng Mga Serbisyo ang May Masalimuot na Kanser ay nagpapahintulot sa iyo na humingi ng referral mula sa iyong doktor para makakuha ng paggamot sa kanser partikular na mula sa isang cancer center na itinalaga ng National Cancer Institute (NCI), site na kabilang sa NCI Community Oncology Research Program (NCORP), o kwalipikadong pang-akademikong cancer center.

Kung ang Anthem ay walang care center na itinalaga ng NCI, papayagan ka ng Anthem na makakuha ng referral para makakuha ng paggamot sa kanser mula sa isa sa mga center na ito sa California na wala sa network, kung ang isa sa sa mga center na wala sa network at ang Anthem ay sumang-ayon sa pagbabayad, maliban kung pipiliin mong magpatingin sa ibang provider ng paggamot sa kanser.

Kung ikaw ay na-diagnose na may kanser, makipag-ugnayan sa Anthem para malaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo mula sa isa sa mga cancer center na ito.

4. Mga benepisyo at mga serbisyo

Mga benepisyo ng Medi-Cal na sakop ng Anthem

Mga serbisyo para sa outpatient (para sa mga nakakalakad)

Mga pag-assess ng kalusugan ng pag-iisip

Sinasakop ng Anthem ang taunang pag-assess ng kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembrong 65 taong gulang o mas matanda at hindi kwalipikado para sa katulad na pag-assess bilang bahagi ng taunang pagpapatingin ng walang sakit sa ilalim ng Programa ng Medicare. Tinitingnan ng pag-assess sa kalusugan ng pag-iisip ang mga senyales ng sakit na Alzheimer's o dementia.